# Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna

**SAPAGKAT**, nakapagtala ang mga lugar ng St. Clair County at Washington County ng mahigit 10 pulgada ng ulan noong Lunes Hulyo 25, 2022, hanggang Miyerkules, Hulyo 27, 2022, na nagdulot ng panaka-nakang biglaang pagbaha; at

SAPAGKAT, nagsara ang ilang kalsada at nagkaroon ng mga lokalisadong paglikas dahil sa biglaang pagbaha sa St. Clair County; at,

SAPAGKAT, pagkatapos ng labis na pag-ulan, nasira ang sekondaryong dam sa Nashville Reservoir sa Washington County na nagdulot ng pagbaha sa maraming tahanan at pagsasara ng State Route 15; at,

SAPAGKAT, noong Hulyo 29, 2022, nagpatuloy ang pagbaha sa East St. Louis (St. Clair County) at kinailangang isagawa ang mga hakbang sa kaligtasan, kabilang ang paglikas ng humigit-kumulang 100 residente; at,

SAPAGKAT, itinatayo na ang mga masisilungan ng mga lumikas na residente; at,

SAPAGKAT, ang East St. Louis, St. Clair County, Washington County at ang kanilang mga residente ay patuloy na nahihirapang ayusin ang mga pinsala at makabangon mula sa mga insidente ng biglaang pagbaha; at,

SAPAGKAT, batay sa mga ulat na natanggap ng Illinois Emergency Management Agency, nagamit na ang lahat ng lokal na rekurso at kakayahan at kinakailangan ang rekurso ng Estado para matugunan at makabangon mula sa mga epekto ng biglaang pagbaha; at

**SAPAGKAT,** ang mga pangyayaring kaugnay sa pagbaha ay nagresulta sa paglitaw o banta ng malawakan o matinding pagkasira, pinsala, o pagkawala ng buhay o ari-arian sa ilalim ng Seksiyon 4 ng Illinois Emergency Management Agency Act; at,

**SAPAGKAT,** patakaran ng Estado ng Illinois na magiging handa ang Estado sa pagtugon sa anumang mga sakuna at, samakatuwid, kinakailangan at angkop na magbahagi ng mga karagdagang rekurso ng Estado para matiyak na manatiling ligtas at panatag ang mga mamamayan ng Illinois; at,

**SAPAGKAT**, may legal na batayan ang mga kondisyong ito sa ilalim ng Seksiyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act para sa pagpapalabas ng isang proklamasyon ng sakuna; at

